PAALALA SA MGA INSTRUKTOR:

BASAHIN MUNA ANG TEKSTONG “KALAGAYAN NG MANGGAGAWANG PILIPINO: OKTUBRE 2024” BAGO GAMITIN ANG PRESENTATION NA ITO.

Ecumenical Institute for Labor Education and Research

# KALAGAYAN NG MANGGAGAWANG PILIPINO

Oktubre 2024

# PANIMULA

Nagsara ang ikalawang taon ng administrasyong Marcos sa hikahos na kalagayan ng manggagawang Pilipino.

Patuloy na kinonsolida ni Marcos ang kanyang kapangyarihan bilang pangulo habang umiigting ang hidwaan nito laban sa pangkating Duterte.

Image source: Rappler

Panakip butas ang mga ito upang pagtakpan ang kapalpakan ng kasalukuyang administrasyon na bigong tugunan ang mga batayang kahilingan ng masang Pilipino.

Pinagpapatuloy nito ang mga hakbangin ng mga nagdaang administrasyon:

- Paglobo ng utang: PhP 15.69 trilyon, Hulyo 2024
- Neoliberal na mga polisiya

Sang-ayon sa mga prinsipyo ng neoliberalismo, ipinauubaya sa mga korporasyon ang usapin ng sahod, kalagayan sa trabaho, at iba pang susing usaping paggawa sa paniniwalang ang maluwag na kontrol sa mga korporasyon ang makapagpapalago ng ekonomiya.

# SAHOD

# SAHOD

- Tantos ng kahirapan = 15.5% o 17.54 milyong Pilipino
- Poverty threshold = PhP 92.49 daily per capita

Kaya naman sa isang bansa kung saan sahod ang pinagkukunan ng kita ng 56% ng mga pamilya, mabigat na salik ang sahod sa pagsidhi o paghupa ng kahirapan sa bansa.

# SAHOD

Dami ng kumikita ng minimum wage at halagang mas mababa rito = 7.3 milyon (Oktubre 2022)

Sa unang hati ng taong 2024, naglipana ang mga panukalang batas sa Kongreso na layong magpatupad ng pambansang umento sa minimum na sahod. Sa kasalukuyan, walang naisabatas ni-isa sa mga ito.

January – September 2024 = lima (5) sa 17 rehiyon lamang ang nagpatupad ng umento

# Mga argumento laban sa makabuluhang umento sa minimum na sahod:

1. Malulugi ang mga MSME
    a. ASPBI 2021, Compensation Expense: MSME – 7%; Large enterprises – 12%

2. Inflationary effect
    a. Sa tunguhing mapanatili ang tubo, ipapasa ng mga empresa sa mamimili sa pamamagitan ng dagdag presyo ang dagdag gastos dulot ng umento sa sahod.

Tuluy-tuloy na magiging bansot ang tunay na halaga ng sahod sa harap ng barat at minsanang umento sa sahod.

| REHIYON | CONSUMER PRICE INDEX (August 2024) | DI-AGRIKULTURAL (PhP) | | AGRIKULTURAL (PhP) | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Nominal | Real | Nominal | Real |
| NCR | 122.8 | 608-645 | 525.24 | 608 | 495.11 |
| CAR | 124.6 | 430 | 345.10 | 430 | 345.10 |
| I | 124.1 | 402-435 | 350.52 | 402 | 323.93 |
| II | 127.8 | 450 | 352.11 | 415 | 324.73 |
| III | 131.2 | 449-500 | 381.10 | 422-470 | 358.23 |
| IV-A | 126.6 | 385-520 | 410.74 | 385-479 | 378.36 |
| IV-B | 133.5 | 369-395 | 295.88 | 369-395 | 295.88 |
| V | 131.7 | 395 | 299.92 | 395 | 299.92 |

| REHIYON | CONSUMER PRICE INDEX (August 2024) | DI-AGRIKULTURAL (PhP) | | AGRIKULTURAL (PhP) | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Nominal | Real | Nominal | Real |
| VI | 130.3 | 450-480 | 368.38 | 440 | 337.68 |
| VII | 121 | 420-468 | 386.78 | 415-458 | 378.51 |
| VIII | 124.2 | 405 | 326.09 | 375 | 301.93 |
| IX | 124.7 | 381 | 305.53 | 368 | 295.11 |
| X | 128.2 | 423-438 | 341.65 | 411-426 | 332.29 |
| XI | 128.6 | 481 | 374.03 | 476 | 370.14 |
| XII | 129 | 403 | 312.40 | 382 | 296.12 |
| CARAGA | 126.2 | 385 | 305.07 | 385 | 305.07 |
| BARMM | 125.7 | 336-361 | 287.19 | 316-335 | 266.51 |

# Mas mababa ang minimum na sahod kumpara sa poverty threshold.

| Rehiyon | Minimum na Sahod (Setyembre 2024) | Poverty Threshold (2023) |
|---|---|---|
| NCR | **PhP 14,190**/buwan | **PhP 15,713**/buwan |
| BARMM | **PhP 7,942**/buwan | **PhP 12,884**/buwan |

Note: Minimum na sahod - NCR: PhP 645/day, BARMM: PhP 361/day ; 22 work days per month




Bagamat nasa batas ang karapatan sa minimum na sahod, marami pa rin ang kumikita nang higit na mas mababa rito. Noong 2021, mayroong 1.23 milyong manggagawang may trabaho ang nabubuhay sa halagang di aabot sa USD 1.90 o PhP 93.58




Maoobserbahan na mas mas mababa ang minimum na sahod ng mga manggagawang agrikultural kumpara sa mga manggagawang di-agrikultural. Ang agwat ay nasa pagitan ng PhP 5 at PhP 41.




Ang mas masahol na lagay ng sahod ng mga manggagawang agrikultural ay sinasang-ayunan ng datos hinggil sa karaniwang arawang sahod ng manggagawang agrikultural.

18 TAON = PhP 190 increase in nominal value; PhP 62 increase in real value




Hindi kataka-taka na higit ding mas mataas ang bilang ng mahirap sa hanay ng mga manggagawang agrikultural.

Dalawang ulit na mas mataas ang tantos ng kahirapan sa hanay ng mga manggagawang agrikultural kumpara sa pambansang tantos.




Tatlong ulit naman na mas mataas ang tantos ng subsidence incidence sa hanay ng mga magsasaka at mangingisda kumpara sa pambansang tantos.

Food threshold, 2021 = PhP 55.86/day per capita




Ayon sa 2023 Family Income and Expenditure Survey, ang karaniwang kita ng 10% pinakamayayamang pamilya ay mas malaki ng anim (6) na ulit kaysa sa kita ng 10% pinakamahihirap na pamilya.




Sa kabuuan, ang kita ng 10% pinakamayayamang pamilya ay halos kasinglaki ng kita ng 50% pinakamahihirap na pamilya.

Kung susuriin, malaking bahagi ng kita ng pinakamayayamang pamilya ay nakakonsentra lamang sa iilang mga pamilya at indibidwal.

Pangunahin na rito ang magkakapatid na Sy kung saan nadagdagan ang kanilang net worth ng PhP 100.13 bilyon para sa taong 2023.

Malaki rin ang itinaas ng net worth nina Ramon Ang (PhP 77.88 bilyon), Enrique Razon Jr. (PhP 33.38 bilyon) at Manny Villar (PhP 16.69 bilyon) sa parehong panahon.

Makikitang sa mga nabanggit na kilo-kilometro ang agwat ng kinikita ng mga pinakamayayaman at pinakamahihirap na mga Pilipino.

Mula rito, umiigting ang panawagan ng mga unyon at pangmasang organisasyon para sa makabuluhang umento sa sahod at makatwirang pagbubuwis sa mga pinakamayayamang indibidwal at korporasyon

# TRABAHO

Hulyo 2024 = 47.7 milyong may trabaho
= 5.8 milyong underemployed

| 2024 | Enero | Pebrero | Marso | Abril | Mayo | Hunyo | Hulyo |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Labor Force Participation (%)** | 61.1 | 64.8 | 65.3 | 64.1 | 64.8 | 66.0 | 63.5 |
| **Employed (%)** | 95.5 | 96.5 | 96.1 | 96.0 | 95.9 | 96.9 | 95.3 |
| **Underemployed (%)** | 13.9 | 12.4 | 11.0 | 14.6 | 9.9 | 12.1 | 12.1 |
| **Unemployed (%)** | 4.5 | 3.5 | 3.9 | 4.0 | 4.1 | 3.1 | 4.7 |
| **Persons Not in the Labor Force (%)** | 38.9 | 35.2 | 34.7 | 35.9 | 35.2 | 34.0 | 36.5 |

Sa batayan ng oras paggawa,

48 oras pataas
= **9.55 milyon**
= **6.03 milyon** sa mga ito ay nagsabing dagdag kita ang dahilan ng kanilang pagtatrabaho lampas sa normal work hours.

Mas mababa sa 40 oras
= **13.84 milyon**
= **9.15 milyon** sa mga ito ay nagsabing kalikasan ng kanilang trabaho ang dahilan ng kung bakit di aabot sa 40 oras ang kanilang oras paggawa (part-time, informal)

**2.38 milyon** = walang trabaho

**28.82 milyon** = persons not in the labor force: Ayon sa Philippine Statistics Authority: “[t]hose not in the labor force are persons who are not looking for work because of reasons such as housekeeping, schooling, and permanent disability. Examples are housewives, students, persons with disability, or retired persons.” (Technical Notes, Labor Force Survey)

Batay sa uri ng trabaho,

**26.5% o 12.64 milyon** = gumagampan ng elementary occupations na may karaniwang buwanang sahod na PhP 12,276 noong 2021.

**24.2% o 11.54 milyon** = sales and service workers

~ Ang dalawang nabanggit na linya ng paggawa ay kinatatangian ng laganap na impormalisasyon, mababang pasahod, kontraktwalisasyon, at kawalan o kakapusan ng access sa panlipunang proteksyon.

Batay sa uri ng manggagawa,

- **63.8% o 30.43 milyon** = sahuran
- **49.9% o 23.8 milyon** = nakapaloob sa pribadong empresa
- **5.7% o 2.72 milyon** – unpaid family worker

Batay sa kasarian,

LFP = 74.5% o 29.5 milyong kalalakihan
= 52.4% o 20.6 milyong kababaihan

~ Isa sa mga salik sa malaking agwat na ito sa LFP ay dahil maraming kababaihan ang nadedestino sa *housekeeping*. Batay sa nabanggit sa itaas, sila ay tinuturing na *persons not in the labor force* kahanay ng mga PWD, estudyante, at mga retirado.

Ayon sa 2023 Survey on Overseas Filipinos,

**2.16 milyon** = OFWs

**1.20 milyon o 55.6%** = kababaihan
= 64.1% sa mga kababaihang OFW ay gumagampan ng *elementary occupations*

**958k o 44.4%** = kalalakihan
= pinakamarami sa hanay ng mga kalalakihang OFW (25.4%) ang gumagampan bilang plant at machine operators and assemblers.

Impormal na Sektor

- **16.17 milyon** = self-employed, unpaid family members
- **2.1 milyon** = nagtatrabaho sa private household
  = kabilang dito ang mga kasambahay na may minimum na sahod na PhP 4,100-6,500
- **400k** = platform workers (FairWork Philippines 2022 report)

~ Maaari ring masama sa bilang ng sektor ang mga nagtatrabaho sa loob ng pribadong empresa. Bagamat sila ay nakapaloob sa pormal na kaayusan sa empleyo, marami sa kanila ang babad sa iba't ibang bulnerabilidad tulad ng mababang pasahod, di-ligtas na kondisyon sa paggawa, kawalang access sa panlipunang proteksyon, at kawalang seguridad sa trabaho.

Sa mga empresang may di bababa sa 20 empleyado (5.37 milyon),

**990,443** = manggagawang di-regular
= 296,258 sa mga manggangawang di-regular ang project-based/kontraktwal

**590,779** = agency-hired

Tunay na marami ang nagtatrabahong Pilipino sa intensyong mapangibabawan ang gutom. Gayunman, katambal na katotohanan na mababa ang kalidad ng trabaho ng milyun-milyong manggagawang Pilipino. Makikita ito sa konsentrasyon ng kalakhan ng mga manggagawa na gumagampan ng low-paying jobs, laganap na pagtatrabaho ng lampas sa normal na dami ng oras paggawa, malawak na impormalisasyon, at exodo ng milyun-milyong Pilipino palabas ng bansa para sa disenteng kita.

# KARAPATAN

# Panunupil sa mga karapatan ng manggagawa

Sa kasalukuyan ay may 755 na bilanggong pulitikal sa bansa, 27 dito ay mga aktibista sa paggawa.

Labing tatlo na ang sapilitang nawala sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Sa sektor ng paggawa, si William Lariosa, isang organizer sa Mindanao, ay dinukot noong Abril 2024, samantalang si Loi Magbanua, isang organizer sa Metro Manila, ay dinukot noong Mayo 2022.



# Kalagayan ng Unyonismo

= 6.11 milyong miyembro
= 143,741 na rehistradong organisasyon ng paggawa
= 288,313  bilang ng manggagawa na sakop ng CBA

# Organisadong Manggagawa sa mga Asosasyon at Unyon (as of 2nd Quarter 2024)

| **Kategorya** | **Dami** | **Tantos ng organisadong manggagawa** |
|---|---|---|
| Labor Force | 78.89 milyon | 7.74 % |
| Labor Force Participation | 50.07 milyon | 12.20 % |
| Employed | 47.70 milyon | 12.80% |
| Wage and Salary | 30.41 milyon | 20.09% |
| Private Sector Unions membership | 1.67 milyon | 27.3% |

**Mga manggagawang sakop ng CBA (as of 2nd Quarter 2024)**

| **Kategorya** | **Dami** | **Tantos ng organisadong manggagawa** |
|---|---|---|
| Labor Force Participation | 50.07 milyon | 0.57% |
| Employed | 47.70 milyon | 0.60% |
| Wage and Salary | 30.41 milyon | 0.95% |
| Organized workers | 6.11 milyon | 4.71% |

# Kalagayan ng Unyonismo



# Pagkilos ng mga manggagawa

- Transport Strike
- Nexperia mass layoff
- Sofitel layoffs
- Filinvest Construction Workers' Strike
- Bacolod Water District Employees layoffs

Image source: https://news.abs-cbn.com/

# Budget 2025

Makikita ang malalaking badyet cut na nagbabawas ng tulong sa milyun-milyong Pilipino na umaaray na nga sa taas ng presyo ng bilihin at serbisyo, mababang kita, at kawalan ng trabaho.

Binabawasan ng badyet ang pagpopondo para sa mga pangunahing programa sa proteksyong panlipunan ng 20%,  kabilang ang mga makabuluhang pagbawas sa pangangalagang pangkalusugan, kapakanang panlipunan, at suporta sa trabaho

# KONKLUSYON

Malinaw na hindi kabilang sa mga pangunahing layunin ng gobyerno ang pagtugon sa mga ugat ng kahirapan sa bansa. Sa halip, ang mga proyekto at pondong inilaan para sa susunod na taon ay nagsisilbing patunay na higit na binibigyan ng atensyon ang mga interes ng mayayaman at malalaking negosyo.

Ang tumitinding agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap ay nagdudulot ng mas malalang pagsasamantala, lalo na sa mga manggagawang impormal at kontraktwal na kadalasang walang sapat na proteksyon mula sa mga batas. Ang mga manggagawa sa sektor ng agrikultura at serbisyong industriyal ay patuloy na nakararanas ng hindi makatarungang sahod, kawalan ng benepisyo, at kawalang kasiguraduhan sa trabaho. Ang mga kapitalista, na binibigyan ng kaluwagan sa mga regulasyon, ay lalong naghihigpit sa mga manggagawa sa ngalan ng pagpiga ng mas malaki pang tubo.

# KONKLUSYON

Hinog ang kondisyon para paigtingin ang pag-oorganisa, pagpapalakas ng hanay, at paglaban sa mga patakarang neoliberal na nagdudulot ng pang-aapi at kahirapan.